




TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular									
	Circular No. 2020-0004								
	Title Enhancement of Packages related to Coronavirus Infection								
Tanong	Sagot								
Ano ang COVID-19 at ano ang pagkakaiba nito sa 2019-nCoV?	Ang COVID-19 ay ang sakit o kundisyon na dulot ng virus na kasalukuyang tinatawag na SARS-CoV-2 o 2019-nCoV.								
Magkano ang package ng PhilHealth para sa mga kaso ng COVID-19?	<p>Ang maaaring ma-avail ng isang pasyente para sa coronavirus infection ay ang mga sumusunod:</p> <table border="1" style="width: 100%; border-collapse: collapse;"> <thead> <tr> <th style="text-align: center;">Kaso</th> <th style="text-align: center;">Rate</th> </tr> </thead> <tbody> <tr> <td>Isolation Package (para sa mga Persons Under Investigation o PUI)</td> <td style="text-align: center;">P14,000</td> </tr> <tr> <td>Referral Package (para sa mga hospital na magre-refer ng mga kaso ng COVID-19)</td> <td style="text-align: center;">P4,000</td> </tr> <tr> <td>Existing Case Rate Packages (ayon sa naging clinical presentation at management sa pasyente)</td> <td>Halimbawa: Adult Respiratory Distress Syndrome (P32,000); Pneumonia High Risk (P32,000); Sepsis (P32,000); Hemodialysis (P2,600 per session)</td> </tr> </tbody> </table> <p>Para sa mga kaso na naging malubha matapos makumpirma ang COVID-19 infection, ang rate na maaaring ma-avail ay ayon sa naging clinical presentation at management sa pasyente.</p>	Kaso	Rate	Isolation Package (para sa mga Persons Under Investigation o PUI)	P14,000	Referral Package (para sa mga hospital na magre-refer ng mga kaso ng COVID-19)	P4,000	Existing Case Rate Packages (ayon sa naging clinical presentation at management sa pasyente)	Halimbawa: Adult Respiratory Distress Syndrome (P32,000); Pneumonia High Risk (P32,000); Sepsis (P32,000); Hemodialysis (P2,600 per session)
Kaso	Rate								
Isolation Package (para sa mga Persons Under Investigation o PUI)	P14,000								
Referral Package (para sa mga hospital na magre-refer ng mga kaso ng COVID-19)	P4,000								
Existing Case Rate Packages (ayon sa naging clinical presentation at management sa pasyente)	Halimbawa: Adult Respiratory Distress Syndrome (P32,000); Pneumonia High Risk (P32,000); Sepsis (P32,000); Hemodialysis (P2,600 per session)								
Saang ospital maaaring ma-avail ang package na ito?	Maaaring ma-avail ang mga package na ito sa mga level 3, level 2, at sa ilang level 1 hospitals na pinili ng DOH na maaaring magbigay ng kinakailangang quarantine para sa mga Persons under Investigation (PUI) maging suspected o kumpirmadong kaso ng 2019-nCoV.								

	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2020-0004
Title	Enhancement of Packages related to Coronavirus Infection	
Saang ospital pwedeng magpagawa ng confirmatory test para sa virus na nagdudulot ng COVID-19	Ang Research Institute for Tropical Medicine (RITM) pa lamang sa ngayon ang naatasan na institusyon para magsagawa ng confirmatory test. Ang kopya ng confirmatory test ay dapat ilakip sa claims para sa Isolation Package at Referral Package.	
Kailan maaaring ma-avail ang package na ito?	Ang Circular ay epektibo para sa lahat ng admission simula January 30, 2020.	
Makaka-avail pa rin ba ng Isolation Package ang isang pasyente kung nag-negatibo sa pagsusuri para sa 2019-nCoV o SARS-CoV-2 infection matapos ma-discharge sa pagkaka-ospital?	Oo. Ang Isolation Package ay para sa mga Patients Under Investigation o PUI. Kung matapos ma-discharge ngunit napatunayang negatibo sa confirmatory test, ang ospital ay maaari pa ring maka-claim para dito.	
Maging ang mga health workers ba gaya ng nurse na nangalaga sa PUI o confirmed case ng COVID-19 at nagkaroon ng sintomas ay maaaring maka-avail ng Isolation Package?	Oo. Maaari ring maka-avail ng Isolation Package ang mga nangalaga sa PUI kung nagkaroon ito ng sintomas ng COVID-19.	
Makaka-avail rin ba ng Isolation Package ang mga taong nais lamang magpa-quarantine ngunit hindi nangalaga o walang nakasalamuha na PUI at wala rin sintomas ngunit nanggaling sa ibang bansa?	Hindi. May mga alituntuning ipinalabas para sa mga ganitong kaso ngunit ito ay hindi saklaw ng Circular na ito.	
Ipinapatupad ba ang No Balance Billing o No Co-	Ipinapatupad pa rin ang No Balance Billing para sa mga miyembro na kabilang sa lifetime member program,	

	TAMANG SAGOT (TS)	
	Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2020-0004
	Title	Enhancement of Packages related to Coronavirus Infection
pay Policy para sa mga pasyente na mako-confine sa isolation room ng mga ospital para sa mga kasong ganito?	sponsored program, kasambahay, at senior citizens.	
Maaari rin bang ma-avail ang Isolation Package ng mga OFWs na maa-admit sa ospital sa ibang bansa?	Sa ngayon ay sa mga ospital lamang dito sa Pilipinas na nilisensiyahan ng DOH maaaring ma-avail ang Isolation Package.	
Maaari bang maka-avail ng Referral Package ang mga pasyente na mula sa bahay papunta ng ospital gamit ang ambulansya para sa mga ganitong kaso?	Ang mga pasyente na galing sa non-hospital na pasilidad gaya ng tahanan o pampublikong gusali (tulad ng mga na-repatriate sa Athlete's Village ng New Clark City) ay hindi makaka-avail ng Referral Package. Ang mga na-diagnose lamang sa ER o OPD ng mga ospital na na-refer nang tama, nadala sa pamamagitan ng ambulansya, at tinaggap ng referral hospital ang maaaring maka-avail ng referral package.	

Note: Ang Circular na ito ay na-amyendahan na ng PhilHealth Circular Nos. 2020-0009, 2020-00010, 2020-0011, at 2020-0012.